



Gabay ng Pamilya sa

# Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon ng Estado ng Washington

*Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA)*





Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES



Kapag nalaman mong naantala ang pag-unlad ng anak mo, baka hindi mo malaman ang mararamdaman. Malamang na natakot ka, hindi ka makapaniwala sa sinabi ng doktor o baka nga nagalit ka pa. Normal lang na makadama ng ganito, at hindi ka nag-iisa. Ganito rin ang naranasan o naramdaman ng ibang magulang. Mayroong mga programa sa buong estado na makakatulong sa iyo na makipag-ugnayan sa ibang magulang na may ganitong damdamin o alalahanin. Maaari kang tumawag sa mga numero ng suporta para sa magulang na nakalista sa likod ng booklet na ito para sa higit pang impormasyon at tulong.

## Minamahal na mga magulang,

*Alam ko na kung mayroon ka ng booklet na ito, maaaring mayroon kang alalahanin tungkol sa paglaki ng iyong anak o nasabihan kang may pagkaantala sa pag-unlad ng anak mo.*

*Naalala ko kung gaano kabigat ang pakiramdam ko at kung gaano ako kawalang-alam noong sinusuri ang anak kong si Suzi para sa pagkaantala sa pag-unlad niya. Hindi ko naiintindihan ang maraming salitang ginamit ng mga propesyonal, lalo na ang kung paano makakakuha ng mga serbisyo.*

*Noong nakakuha na kami ng mga serbisyo, sa tulong ng maraming guro at therapist, talagang malaki ang pag-unlad niya. Nagpapasalamat talaga ako sa narating niya ngayon dahil sa nakuha niyang maagang interbensyon sa mga kritikal na taon na iyon. Pinakamahalaga rin sa pamilya namin ang pakikipag-ugnayan sa ibang magulang at pagbabahagi ng impormasyon.*

*Umaasa ako na gagamitin mo ang booklet na ito bilang iyong gabay at susuporta ito sa mga pangangailangan ng iyong pamilya.*

***Cassie, magulang***

# Mga Nilalaman


Introduksyon . . . . . . . . . . 2

Ano ang maagang interbensyon? . . . . . . . . . . 3

Paano kung may mga tanong ako tungkol sa pag-unlad ng anak ko? . . . . . . . . . . 4

Sino ang kwalipikado para sa maagang interbensyon sa Washington? . . . . . . . . . . 5

Ano ang susunod na mangyayari? . . . . . . . . . . 6

Ano ang nangyayari sa edad na 3? . . . . . . . . . . 7

Ano ang mga karapatan ko sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA)? (Mga Proteksyon sa Pamamaraan) . . . . . . . . . . 8

Paano kung hindi ako sang-ayon sa desisyon tungkol sa mga serbisyo sa aking anak o pamilya? . . . . . . . . . . 10

Saan ako makakakuha ng higit pang tulong o impormasyon? . . . . . . . . . . 11

Paano ako mas makikilahok? . . . . . . . . . . 12

Ano ang ibig sabihin niyan? (Glossary) . . . . . . . . . . 13

Mga Pagkilala . . . . . . . . . . 14




# Introduksyon

*"Hindi pa rin nakakaupo ang anak ko noong anim na buwan siya. Akala ko may mali akong ginagawa. Dinala ko siya sa doktor na tumulong sa akin na makipag-ugnayan sa programa ng maagang interbensyon. Ngayon tumatanggap ang anak ko ng mga serbisyo na talaga namang kapaki-pakinabang. Malaki na ang iniunlad niya, at marami pa akong natututunan tungkol sa kung ano pa ang magagawa ko. Ngayon alam ko na na hindi iyon dahil sa maling ginagawa ko kaya hindi nagagawa ni lan ang mga bagay na nagagawa na ng ibang bata."*

***Heather, magulang***



**Pangunahing layunin ng gabay na ito** na mabigyan ka at ang iyong pamilya ng pangkalahatang ideya sa programang Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata, ESIT) ng Washington State Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya ng Estado ng Washington, DCYF). Ikaw ang magpapasya kung makikilahok ang iyong pamilya sa programang ESIT. Kung napatunayan na kwalipikado ang iyong anak para sa programang ESIT, available ang mga serbisyo sa maagang interbensyon para sa iyong anak at pamilya upang tugunan ang mga pagkaantala sa pag-unlad ng iyong anak.

Bibigyan ka ng gabay na ito ng pangkalahatan at mahalagang impormasyon tungkol sa programang ESIT sa buong estado, kabilang ang listahan ng ilan sa iyong mga karapatan bilang isang magulang. Available sa iyo at sa iyong pamilya ang isang kompleto at mas detalyadong paglalarawan sa mga proteksyon ng pamamaraan/karapatan ng magulang sa isang hiwalay na dokumentong tinatawag na "Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA) Bahagi C Mga Proteksyon ng Pamamaraan (Mga Karapatan ng Magulang)." Habang binabasa mo ang gabay na ito, maaaring sagutin ng iyong family resources coordinator (coordinator ng mga mapagkukunan ng pamilya, FRC) o ng sinuman mula sa programang ESIT ang anumang tanong na mayroon ka tungkol sa programa.

Sa buong dokumentong ito, ginamit ang mga karaniwang salita para sa maagang interbensyon. Kung may mga tanong ka tungkol sa alinman sa mga ito at kailangan mo ng kahulugan, magtungo sa pahina 13 ng booklet na ito para sa glossary ng mga salita.

## Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata ng Estado ng Washington, ESIT)

Bilang mga magulang, kayo ang pinakamahahalang tao sa buhay ng inyong anak. Lumalaki nang mabilis at nagbabago ang mga bata sa kanilang unang tatlong taon. Isipin ang inyong anak at kung paano sila lumalaki. Kayo ang pinakanakakakilala sa inyong anak. Pansinin kung paano at kailan ngumingiti, umuupo, lumalakad, nagsasalita o humahawak ng baso ang inyong anak. Ang inyong nakikita ay kung paano lumalaki ang inyong mga anak sa iba't ibang yugto ng pag-unlad. Kapag may pagkaantala sa pag-unlad ang bata, available sa buong estado ang mga serbisyo. Ang programang Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata, ESIT) ng Estado ng Washington ay pinagsasama-sama ang pagsisikap ng buong estado para matulungan ang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong ito.

# Ano ang maagang interbensyon?

Ang mga serbisyo sa maagang interbensyon ay mga serbisyo sa pag-unlad, na ibinibigay sa ilalim ng pampublikong superbisyon, at sa mga likas na kapaligiran. Idinisenyo ang mga ito upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng mga kwalipikadong sanggol o bata at upang tulungan ang mga magulang na tulungan ang kanilang mga anak na umunlad at matuto.

Maaaring malaki ang maitulong ng maagang interbensyon (sa mga unang taon ng buhay ng isang bata) sa pamamagitan ng pagtulong sa iyo na:

- Mahanap ang mga serbisyong kailangan mo para sa iyong anak.
- Maunawaan ang pag-unlad ng iyong anak.
- Suportahan ang pagkakatuto at pag-unlad ng iyong anak at matagumpay na pakikilahok sa mga aktibidad sa tahanan at komunidad.

## Ano ang layunin ng maagang interbensyon?

Layunin ng maagang interbensyon na mas patatagin ang pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng ugnayan, suporta, mapagkukunan, at serbisyo upang mapabuti ang pag-unlad ng mga batang may pagkaantala sa pag-unlad at kapansanan, sa pamamagitan ng mga pagkakataong matuto araw-araw.

Upang matulungan ang mga pamilya na pangalagaan ang kanilang mga anak at makilahok sa mga aktibidad sa pamilya at komunidad:

- Malalaman ng mga pamilya ang kanilang mga karapatan.
- Epektibong maipapaalam ng mga pamilya ang mga pangangailangan ng kanilang anak.
- Matutulungan ng mga pamilya ang kanilang anak na umunlad at matuto.

Upang matulungan ang mga bata na maging aktibo at matagumpay na kalahok sa iba't ibang setting at kalagayan, ipapakita ng mga bata ang mas napabuting:

- Positibong emosyonal na kasanayan at pakikipagkapwa sa lipunan
- Pagkuha at paggamit ng kaalaman at kasanayan kabilang ang wika at komunikasyon.
- Paggamit ng naaangkop na mga pag-uugali para matugunan ang kanilang mga pangangailangan.



## Ano ang Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA)?

Noong 1986, inamyendahan ng Kongreso ang batas na kilala ngayon bilang Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA) at gumawa ng isang programa na humihikayat sa mga estado na bumuo at ipatupad sa buong estado ang mga sistema ng mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga bata na may kapansanan at mga pamilya nito. Bumuo ang batas ng mga pamatayan na susundin ng mga estado sa pagbibigay serbisyo sa mga pamilyang may mga sanggol at bata na may kapansanan. Magpapasya ang bawat estado kada taon kung kaya nitong patuloy na magbigay ng mga serbisyo sa maagang interbensyon alinsunod sa inilirawan ng IDEA. Pinamamahalaan ng programang Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata, ESIT) ng Department of Children, Youth and Families (Kagawaran ng Mga Bata, Kabataan, at Pamilya, DCYF) ang pagtutulungan ng mga serbisyo ng maagang interbensyon sa buong estado.

Dinisenyo ang maagang interbensyon upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng bawat kwalipikadong bata at ang pangangailangan ng pamilya kaugnay sa pagpapabuti sa pag-unlad ng bata.

Kung kailangan mo ng tagasalin sa sign language, dapat kang bigyan nito. Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, bibigyan ka ng tagasalin, maliban kung malinaw na hindi ito posibleng gawin.

# Paano kung may mga tanong ako tungkol sa pag-unlad ng anak ko?

Tumawag sa pangunahing family resources coordinator (coordinator ng mga mapagkukunan ng pamilya, FRC) sa iyong lokal na lugar. May mga FRC sa bawat heyograpikong lugar o county. Tungkulin nilang tumulong sa inyo na makuha ang mga serbisyo ng maagang interbensyon na maaaring kailanganin ng inyong anak. Upang malaman ang pangalan ng iyong lokal na pangunahing FRC, tumawag sa numero ng Family Health Hotline (Hotline ng Kalusugan ng Pamilya) sa 1-800-322-2588. Maaari ka ring tumawag sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan o distrito ng paaralan.

Kausapin ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa inyong mga alalahanin. Maaari ka nitong bigyan ng screening o magmungkahi ng iba pang mapagkukunan. Kung wala kang doktor at nais mo ng higit pang impormasyon o tulong, tumawag sa numero ng Family Health Hotline (Hotline ng Kalusugan ng Pamilya) na nakalista sa itaas. Hindi mo kailangan ng referral mula sa doktor upang makakuka ng mga serbisyo sa maagang interbensyon. Maaari mong i-refer ang iyong sarili bilang isang magulang.

## Ano ang screening?

Ang screening ay isang mabilis na pagsusuri sa pagkatuto at paglaki ng iyong anak. Isinasagawa ang mga screening ng mga taong sinanay na tukuyin ang pag-unlad ng iyong anak. Kung may problema sa pag-unlad ang iyong anak, maaaring ibahagi ng iyong FRC ang impormasyon kung paano makakakuha ng ebalwasyon para sa iyong anak.



## Ano ang ebalwasyon?

Ang ebalwasyon ay magbibigay ng mas detalyadong pagsusuri sa pag-unlad ng iyong anak. Isasagawa ang ebalwasyon kasama ka, ang iyong anak at ang mga propesyonal sa interbensyon.

Susuriin ng ebalwasyon ang mga larangang ito ng pag-unlad:

- Pag-iisip – kakayahang matuto at kung paano natututo ang iyong anak
- Pisikal– kakayanang kumilos, makakita at makarinig
- Komunikasyon – kakayahang maunawaan ang wika at ipahiwatig ang mga pangangailangan
- Panlipunan o emosyonal – kakayahang maunawaan ang iba
- Mga kasanayan sa pakikibagay –kakayahang magsuot ng damit, kumain at alagaan ang sarili.

Ang ebalwasyon ay isang paraan upang malaman kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo sa maagang interbensyon. Isasagawa lamang ang ebalwasyon kung mayroon kang nakasulat na pahintulot at wala kang gagastusin para dito.

## Mga tip para sa pagpaplano ng ebalwasyon:

- Humingi ng tulong sa iyong family resources coordinator (coordinator sa mga mapagkukunan ng pamilya, FRC).
- Ipahayag ang anumang tanong o alalahanin tungkol sa pag-unlad ng iyong anak na maaaring mayroon ka.
- Ibahagi ang lahat ng impormasyong sa tingin mo ay mahalaga: mga medikal na rekord, baby book, chart sa paglaki o iba pang ulat.
- Magpasya kung anong mga oras o lugar ang komportable sa iyo at iyong pamilya.
- Anyayahan ang ibang miyembro ng pamilya, kaibigan o taong tagasuporta kung gusto mo.
- Ipaalam sa iyong FRC kung kailangan mo ng tagasalin o iba pang tulong.

Pagkatapos ng ebalwasyon, pag-uusapan mo at iba pang miyembro ng team ang tungkol sa kalagayan iyong anak at tutukuyin ang anumang mga alalahanin. Kung may mga larangan ng pagkaantala, maaaring maging kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon. Maaari mong tanggapin o hindi tanggapin ang mga serbisyong ito.

# Sino ang kwalipikado para sa maagang interbensyon sa Washington?

Upang maging kwalipikado, ang isang bata ay dapat magkaroon ng 25 porsiyentong pagkaantala o magpakita ng 1.5 na standard deviation na mas mababa sa kanyang edad sa isa o higit pa sa mga larangan ng pag-unlad. Maaari ding maging kwalipikado ang isang bata kung mayroon itong pisikal o mental na kondisyon, tulad ng Down syndrome, na kilala na nagdudulot ng pagkaantala sa pag-unlad.

## Ano ang pagtatasa?

Ang pagtatasa ay isang koleksyon ng impormasyon mula sa iyo, ibang nakakakilala sa anak mo, at mula sa mga pamamaraan na maaaring isagawa ng mga provider ng maagang interbensyon upang maunawan ang pag-uugali at pag-unlad ng iyong anak sa maraming karaniwang rutina at aktidad. Susuriin ng pagtatasa kung paano natututo ng mga bagong kasanayan ang iyong anak, kung paano nito nauunawaan ang iba at kung ano ang mga gusto nito, gayundin ang mga bagay na nagpapalungkot o nagpapahirap sa kaniya. Makakatulong sa iyo at iyong team ang impormasyon ng pagtatasa upang magpasya kung anong mga resulta (pagbabago) ang gusto mong pagsikapan at ang mga serbisyo at suporta na makakatulong na makamit ang naturang mga resulta.

Kasama din sa pagtatasa ang patuloyang mga pamamaraan na gagamitin upang matukoy ang pag-unlad ng iyong anak sa pagkamit sa mga resulta at matiyak na nakakatulong ang mga serbisyo at suportang natatanggap mo sa pag-unlad ng iyong anak.



# Ano ang susunod na mangyayari?

## Individualized Family Service Plan (Indibidwal na Plano sa Serbisyo ng Pamilya, IFSP)

Kung kwalipikado, maaring makatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa maagang interbensyon ng IDEA. Makikipagpulong sa iyo ang iyong family resources coordinator (coordinator sa mga mapagkukunan ng pamilya, FRC) at iba pang provider ng serbisyo. Bubuo ng plano ang iyong pamilya, kasama ang iba pa, na tinatawag na Individualized Family Service Plan (Indibidwal na Plano sa Serbisyo ng Pamilya, IFSP). Makipagtulungan sa iyong FRC upang matiyak na natutugunan ng plano ang mga alalahanin, interes at paniniwala ng iyong pamilya.

Magsisimula ang mga sersbiyo kapag sinang-ayunan mo ang IFSP at pinahintulutan ang mga serbisyo.

Ang IFSP ay isang patuloy na proseso na tumutugon sa nagbabagong pangangailangan ng iyong anak at pamilya. Sinusuri ito nang hindi bababa sa bawat anim na buwan at mulang isinusulat taun-taon.



Kasama sa isang IFSP ang:

- **Kasalukuyang antas ng pagganap** – kung ano ang kalagayan ng iyong anak.
- **Pahayag ng pamilya** – isang pahayag ng mga alalahanin, priyoridad, at mapagkukunan ng iyong pamilya; mahalagang bahagi ng IFSP ang pahayag ng iyong pamilya, pero maaari kang hindi magbigay nito.
- **Mga resulta** – mga pagbabago na gusto mong makita sa iyong anak at pamilya.
- **Kinakailangang mga serbisyo sa maagang interbensyon** – kung gaano kadalas at katagal, kung saan ito magaganap, at kung sino ang magbabayad para sa mga ito (pinopondohan ng iba't ibang mapagkukunan ang mga serbisyo sa maagang interbensyon). Maaari mong tanggapin o tanggihan ang anumang serbisyong inaalok sa iyo (maliban sa koordinasyon sa mga mapagkukunan ng pamilya) kung nakikilahok ka sa programa ng maagang interbensyon.
- **Mga likas na kapaligiran** – isang pahayag ng mga likas na kapaligiran kung saan ibibigay ang mga serbisyo sa maagang interbensyon. Dapat isama sa mga IFSP ang isang nakasulat na katwiran kung hindi ibibigay ang mga serbisyo sa maagang interbensyon sa mga likas na kapaligiran.
- **Mga timeline** – kapag nagsimula at natapos ang mga serbisyo, at kapag titingnan mong muli ang iyong plano.
- **Iba pang kinakailangang serbisyo na hindi pinopondohan sa ilalim ng IDEA** – kung sino ang makakatulong sa iyong hanapin ang mga serbisyong ito.
- **Family resources coordinator (coordinator ng mga mapagkukunan ng pamilya, FRC)** – pinangalanan sa iyong plano.
- **Plano sa paglipat bago mag-3 taon** – paghahanap at pagpaplano ng mga serbisyo pagkatapos mag-3 taon ang iyong anak.

Maaari kang magpasya na anyayahan ang ibang miyembro ng pamilya, kaibigan o taong tagasuporta sa pagpupulong. Ibahagi ang anumang impormasyong tungkol sa iyong anak na sa tingin mo ay mahalaga.

# Ano ang nangyayari sa edad na 3?

Hindi bababa sa anim na buwan bago mag-3 taon ang anak mo, tutulungan ka ng iyong family resources coordinator (coordinator sa mga mapagkukunan ng pamilya, FRC) sa pagpaplano ng paglipat sa susunod na provider ng serbisyo o ahensya na maglilingkod sa iyong anak. Maaari nitong baguhin kung saan at paano ibinibigay ang mga serbisyo. Sa maagang interbensyon, ang pagbabagong ito ay tinatawag na transition. Hinihingi ng IDEA ang isang nakasulat na plano para sa transition na ito. Dapat isagawa ang isang pagpupulong para sa plano ng transition nang hindi bababa sa 90 araw bago mag-3 taon ang iyong anak. Tutukuyin ng iyong plano ng transition ang espesyal na edukasyon o mga serbisyong nakabatay sa komunidad na maaaring kailangan ng iyong anak.

Hihilingin sa iyo ng iyong FRC na pirmahan ang isang form ng pahintulot na kontakin ang susunod na ahensya o provider ng serbisyo para sa transition. Ise-set up ang pagpupulong sa pagitan mo, ng iyong FRC, (mga) provider ng serbisyo, at ng lokal na distrito ng paaralan.

Tutukuyin ng iyong paaralan ng distrito kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool. Tatalakayin nila sa iyo ang mga resulta ng kanilang mga pagsusuri at bibigyan ka ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan. Kung kwalipikado ang iyong anak, ibibigay ang kanilang mga serbisyo sa pamamagitan ng Individualized Education Program (Indibidwal na Programa sa Edukasyon, IEP).

Tutulungan ka ng iyong FRC sa pagpaplano ng paglipat sa iba pang posibleng serbisyo kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool.

### Mga tip para sa pagpulong ng transition:

- Mangalap ng mas maraming impormasyon tungkol sa iminungkahing pagbabago hangga't maaari.
- Magtanong tungkol sa mga posibleng opsyon o pagpipilian ng programa.
- Magtanong kung anong pagsasanay at suporta ang iniaalok ng bagong programa sa mga pamilya.
- Bisitahin ang bagong programa bago ang pagbabago.
- Humingi ng mga nakasulat na materyal at alamin ang mga pamamaraan para sa pagpasok at paglahok sa bagong programa.
- Magbigay ng mas maraming impormasyon sa bagong programa tungkol sa iyong anak hangga't maaari.



# Ano ang mga karapatan ko sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA)?

*(Mga Proteksyon sa Pamamaraan)*

Karamihan sa mga batas ay may kasamang mga karapatan para sa mga mamamayan at hindi naiiba ang IDEA. Ibibigay sa iyo ng iyong family resources coordinator (coordinator sa mga mapagkukunan ng pamilya, FRC) ang "The Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA) Bahagi C Mga Proteksyon sa Pamamaraan (Mga Karapatan ng Magulang)" na nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan.

## Kasama sa mga halimbawa ng iyong mga karapatan sa ilalim ng IDEA ang iyong karapatan na:

- Maging pangunahin at panghuling tagapagpasya para sa iyong anak.
- I-access ang mga serbisyo na kinabibilangan ng:
  - Maagang pagtukoy sa mga alalahanin/Paghanap sa Bata
  - Napapanahong multidisciplinary na pagsusuri at pagtatasa
  - Pagpapasiya ng pagiging kwalipikado ng iyong anak
  - Coordinator sa mga Mapagkukunan ng Pamilya/koordinasyon

## Kung kwalipikado ang iyong anak, may karapatan ka:

- Sa isang Individualized Family Service Plan (Indibidwal na Plano sa Serbisyo ng Pamilya, IFSP)
- Sa patuloy na koordinasyon ng mga mapagkukunan ng pamilya sa isang FRC, hanggang sa ikatlong kaarawan ng iyong anak.
- Na humingi ng tulong sa iyong family resources coordinator (coordinator sa mga mapagkukunan ng pamilya, FRC).
- Na tumanggap ng mga serbisyo ng maagang interbensyon na nauugnay sa pag-unlad ng iyong anak.
- Tanggapin o tanggihan ang mga serbisyong matatanggap ng iyong anak at pamilya ayon sa natukoy sa pamamagitan ng proseso ng IFSP.
- Tanggihan ang ilang serbisyong inirerekomenda ng team ng IFSP at tumanggap pa rin ng ibang serbisyo (maliban sa mga serbisyo ng FRC).
- Makilahok sa lahat ng pagpupulong tungkol sa mga serbisyo ng maagang interbensyon ng iyong anak at mga pagbabago sa pagbibigay ng mga serbisyo.
- Magkaroon ng mga pagpupulong sa oras at lugar na komportable sa iyong pamilya.
- Tumanggap ng mga paunawa at mga dokumento ng IFSP sa iyong sariling wika o sa paraan ng komunikasyon na ginagamit sa iyong tahanan.





## Mayroon ka ring mga pananggalang tungkol sa mga rekord ng maagang interbensyon ng iyong anak. Kabilang dito ang iyong karapatan na:

- Suriin ang mga rekord at humiling na baguhin ang mga rekord.
- Tumanggap ng mga kopya ng mga rekord.
- Malaman ang mga uri at lokasyon ng mga rekord na nakuha, pinananatili o ginamit sa programa, kung sino sa programa ang may access sa mga rekord na iyon, at kailan nila tinitingnan ang mga rekord na iyon.
- Humiling ng impormasyon tungkol sa kung sino ang nakakita sa mga rekord o mga kopya ng mga rekord.
- Kwestyunin ang impormasyon sa isang rekord na pinaniniwalaan mong mali o nakakalito o lumalabag sa pagkapribado o mga karapatan ng iyong anak o pamilya. Kasama sa mga talaan ng maagang interbensyon ng iyong anak, bukod sa iba pang bagay, ang:
  - Mga ulat sa screening
  - Mga ulat sa ebalwasyon
  - Impormasyon sa pagtatasa
  - Pagpapasiya ng pagiging kwalipikado
  - Lahat ng impormasyong bahagi ng IFSP

## Kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa iyong pamilya. May karapatan ka sa:

- Pagiging kumpidensyal ng personal na impormasyon at impormasyon na maaring magpakilala kabilang ang:
  - Pangalan ng iyong anak, pangalan mo, o mga pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya.
  - Address ng iyong anak.
  - Anumang personal na katangian o iba pang impormasyon na magiging dahilan na posibleng matukoy ang iyong anak na may makatwirang katiyakan.
- Paghiling sa mga lokal na patakaran at pamamaraan tungkol sa kung paano pinoprotektahan ang pagiging kumpidensyal.
- Pagbibigay ng nakasulat na may kaalamang pahintulot para sa pagpapalitan o pagbabahagi ng impormasyon o mga rekord.

Maliban sa mga karapatan ng magulang/pamilya, may karapatan ang mga bata sa isang surrogate (kahalili) na magulang kung:

- Walang matukoy na magulang;
- Matapos ang makatwirang pagsisikap, hindi malaman ng provider ng serbisyo / pampublikong ahensya ang kinaroroonan ng magulang.
- Ang bata ay pinangangalagaan ng estado.



# Paano kung hindi ako sang-ayon sa desisyon tungkol sa mga serbisyo sa aking anak o pamilya?

Mangyaring makipag-usap sa iyong family resources coordinator (coordinator sa mga mapagkukunan ng pamilya, FRC) tungkol sa problema. Kung hindi iyon epektibo o hindi ka komportable, maaari mong piliing gamitin ang alinman o ang lahat ng sumusunod na opsyon:

- **Pamamagitan** – Libreng ibibigay sa iyo ang pamamagitan na makakatulong sa pagresolba ng hindi pagkakaunawaan. Iniaalok ang pamamagitan bilang alternatibo sa pormal na administratibong pagdinig. Kusang-loob na proseso ang pamamagitan.
- **Mga serbisyo sa pagtataguyod** – Ito ang mga programang magbibigay sa iyo ng impormasyon at tutulong sa iyong magplano kung paano tutugunan ang problema. Ang isang organisasyon ng pagtataguyod ay ang PAVE (tingnan ang pahina 11). Makakapagbigay ng impormasyon ang iyong FRC tungkol sa mga serbisyo sa pagtataguyod sa iyong lugar.
- **Nararapat na Proseso ng Pagdinig (paglilitis)** – Ito ay isang pormal na pagdinig o paglilitis na isinasagawa ng isang administratibong opisyal ng mga pagdinig. Dapat nakasulat at may kasamang reklamo ang kahilingan para sa isang administratibong pagdinig. Ipadala ang kahilingan sa direktor ng provider ng serbisyo ng maagang interbensyon o sa iyong lokal na kotraktor ng mga serbisyo ng maagang interbensyon. Maaaring ibigay sa iyo ng iyong FRC ang kanilang mga pangalan at address o maaari kang mag-email sa **esit@dcyf.wa.gov** at humingi ng tulong.

Maaaring magsampa ng reklamong administratibo ang sinumang magulang, ibang tao o organisasyon kung sa tingin nila ay lumalabag ang isang ahensya o provider ng serbisyo ng maagang interbensyon sa hinihingi ng batas. Ang reklamo ay dapat nakasulat, may pirma at may kasamang ebidensya tungkol sa reklamo.

Ipadala ang reklamo sa:

**Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata)**
**Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya)**
PO Box 40970
Olympia, WA 98504-0970

Susuriin ang reklamo at isusulat ang tugon sa loob ng 60 araw.



# Saan ako maaaring pumunta para sa tulong o impormasyon?

Ang mga sumusunod na organisasyon at grupo ay maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon, tulong at suporta:

### Family Health Hotline (Hotline ng Kalusugan ng Pamilya)

1-800-322-2588

**www.withinreachwa.org**

Pinananatili ng hotline na ito ang kasalukuyang impormasyon sa mga pampubliko at pribadong mapagkukunan ng maagang interbensyon, kabilang ang mga Family Resources Coordinator (Coordinator ng mga Mapagkukunan ng Pamilya, FRC). Kasama rin dito ang impormasyon tungkol sa pagbabakuna, nutrisyon at iba pang available na serbisyong pangkalusugan ng mga bata sa Washington.

---

### Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya, DCYF) Programang Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata, ESIT)

Email: **esit@dcyf.wa.gov**

**www.dcyf.wa.gov**

Namamahala sa buong estadong sistema ng IDEA, Bahagi C na mga serbisyo ng maagang interbensyon.

---

### Magulang sa Magulang

1-800-821-5927

**www.arcwa.org**

Isang pambuong estado na network ng magulang na nagbibigay ng suporta sa emosyon at impormasyon sa mga magulang na may mga batang anak na may mga kapansanan o pagkaantala ng pag-unlad.

### Network ng Ama ng Estado ng Washington

425-747-4004 ext. 218

**https://fathersnetwork.org**

Nagtataguyod at nagbibigay ng suporta at sanggunian para sa lahat ng kalalakihan at pamilya na may mga anak na may espesyal na pangangailangan.

---

### Washington PAVE (Partnerships for Action, Voices for Empowerment (Pagtutulungan para sa Aksyon, mga Boses para sa Pagpapalakas))

1-800-5PARENT

**wapave.org**

Isang pambuong estadong pagsasanay sa magulang at sentro ng impormasyon na nagbibigay ng tulong sa mga pamilyang may mga anak na may mga kapansanan, mula sa pagkapanganak hanggang sa paglaki.



# Paano ako mas makikilahok?


May mahalagang papel ka sa pagpaplano at pagbuo ng mga programa at serbisyo para sa iyong anak. Maaari ka ring makibahagi sa pagpaplano kung paano nagbibigay ng mga serbisyo ang iyong komunidad.

Ginagawa ang pagpaplanong ito sa antas ng county sa pamamagitan ng mga County Interagency Coordinating Councils (Mga Konseho sa Pag-uugnay ng Interagency ng County, CICC). Inaatasan ang bawat CICC na magkaroon ng mga magulang bilang mga miyembro sa konseho. Kasama ang lahat ng iba pang miyembro, tumutulong ang mga magulang na magpasya kung paano pinakamahusay na maibibigay ang mga serbisyo. Bukas sa publiko ang mga pagpupulong ng CICC.

Mayroon ding isang State Interagency Coordinating Council (Mga Konseho sa Pag-uugnay ng Interagency ng Estado, SICC). Dapat mayroon ding kinatawan na magulang ang Konsehong ito. Bukas sa publiko ang mga pagpupulong ng SICC. Para sa higit pang impormasyong tungkol sa mga oras at lokasyon ng pagpupulong, makipag-ugnayan sa iyong Coordinator ng mga Mapagkukunan ng Pamilya, ESIT, o bisitahin ang website sa **www.dcyf.wa.gov**.

Ang booklet na ito ay isang buod ng programang Washington State Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata ng Estado ng Washington). Para sa buong detalye sa aprubadong plano ng Washington sa ilalim ng IDEA o para sa karagdagang impormasyon tungkol sa alinman sa iyong CICC o sa SICC, makipag-ugnayan sa programang Washington State Early Support for Infants and Toddler (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata ng Estado ng Washington) sa **esit@dcyf.wa.gov**.

**www.dcyf.wa.gov**



# Ano ang ibig sabihin niyan? (Glossary)

### Administratibong Pagdinig
Isang pormal na proseso kasama ang isang walang kinikilingang tao, opisyal ng pagdinig, na nakikinig sa mga katibayan at argumento ng mga magulang/pamilya at mga ahensya at nagpapasya kung sino ang tama at sino ang dapat gumawa ng kung ano.

### Device na Pantulong na Teknolohiya
Anumang item, kagamitan o sistema ng produkto na ginagamit upang madagdagan, mapanatili o mapabuti ang kakayahan ng iyong anak na gawin ang mga bagay (halimbawa; kumain, makipag-usap, gumalaw).

### Ebalwasyon
Mga pamamaraang ginagamit ng mga kwalipikadong propesyonal upang matukoy ang inisyal at patuloy na pagiging karapat-dapat ng isang bata, na nakatuon sa pagtukoy sa katayuan ng sanggol o paslit sa lahat ng mga lugar ng pag-unlad; pag-iisip, panlipunan/emosyonal, pisikal (kabilang ang paningin at pandinig), komunikasyon at pakikibagay.

### Individualized Family Service Plan (Indibidwal na Plano sa Serbisyo ng Pamilya, IFSP)
Ang nakasulat na plano para sa pagbibigay ng maagang interbensyon at iba pang serbisyo sa mga kwalipikadong bata at pamilya na: (1) pinagsama-samang binuo ng pamilya at naaangkop na mga propesyonal; (2) nakabatay sa isang multidisciplinary na pagsusuri at pagtatasa sa bata at pamilya; (3) may pahayag na nakadirekta sa pamilya na mga mapagkukunan, prayoridad at alalahanin kung nais ng pamilya; at (4) kinabibilangan ng mga kinakailangang serbisyo upang mapahusay ang pag-unlad ng bata at ang kakayahan ng pamilya na tugunan ang kanyang mga pangangailangan sa pag-unlad.

### Likas na Kapaligiran
Mga setting na natural o normal para sa mga walang kapansanan na kaedad ng bata. Maaaring kabilang dito ang mga setting ng tahanan, kapitbahayan o komunidad.

### Maagang interbensyon
Isang koleksyon ng mga serbisyong ibinibigay ng mga pampubliko at pribadong ahensya at idinisenyo ng batas upang suportahan ang mga kwalipikadong bata at pamilya sa pagpapaunlad ng potensyal ng bata sa paglaki at pag-unlad mula sa kapanganakan hanggang sa edad na 3.

### Multidisciplinary
Ang pakikilahok ng dalawa o higit pang disiplina o propesyon sa pagbibigay ng pinagsama-sama at pinag-ugnay na mga serbisyo kabilang ang mga aktibidad sa pagsusuri at pagtatasa, at ang pagbuo ng IFSP.

### Paghanap sa Bata
Kinabibilangan ng maagang pagkilala, screening, referral at paunang koordinasyon ng serbisyo.

### Pagtatasa
Patuloy na mga pamamaraan na ginagamit ng mga kwalipikadong propesyonal sa buong karanasan ng bata sa maagang interbensyon upang matukoy ang mga natatangi nitong pangangailangan; mga mapagkukunan, prayoridad at alalahanin ng pamilya na may kaugnayan sa kanyang pag-unlad; at ang katangian at lawak ng mga kinakailangang serbisyo ng maagang interbensyon upang matugunan ang mga pangangailangang ito.

### Pahayag ng Pamilya
Pahayag na nakatuon sa mga alalahanin, priyoridad at mapagkukunan ng pamilya na kasama sa Individualized Family Service Plan (Indibidwal na Plano sa Serbisyo ng Pamilya, IFSP).

### Pamamagitan
Isang impormal na proseso kung saan maaaring makatulong ang isang sinanay, walang kinikilingan na tao sa mga partidong may hindi pagkakaunawaan na malutas ang kanilang mga pagkakaiba at makahanap ng solusyon na kasiya-siya sa lahat ng panig.

### Pangangalagang Nakasentro sa Pamilya
Ang prinsipyong nagtataguyod ng mga magulang bilang mga tagapagpasya at bumubuo ng mga magulang/propesyonal na pakikipag-partner.

### Plano ng Transisyon?
Binuo ang plano para sa iyong anak kapag umalis sa mga serbisyo ng maagang interbensyon sa edad na 3.

### Resulta
Mga pahayag ng mga pagbabago na gusto mong makita sa iyong anak o pamilya bilang resulta ng mga serbisyo ng maagang interbensyon. Bahagi ng iyong IFSP ang mga pahayag na ito.

### Sanggol at Batang may Kapansanan
Mga bata mula sa kapanganakan hanggang 3 taon na kwalipikado para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon dahil nakakaranas sila ng 1.5 standard deviation o hindi bababa sa 25 porsiyentong pagkaantala sa pag-unlad sa isa o higit pa sa mga sumusunod na larangan: pag-iisip, pisikal, komunikasyon, panlipunan/emosyonal o pakikibagay; o na-diagnose na may pisikal o mental na kondisyon na may mataas na posibilidad na magresulta sa pagkaantala sa pag-unlad.

### Screening
Isang maikling checklist o survey tungkol sa pag-unlad ng iyong anak upang makita kung kailangan ng karagdagang pagsusuri.

### Serbisyo na Pantulong na Teknolohiya
Isang serbisyo na direktang tumutulong sa batang may kapansanan na pumili, kumuha o gumamit ng device na pantulong na teknolohiya.

### Surrogate na Magulang
Isang indibidwal na itinalaga ng lokal o ahensya ng estado upang kumilos bilang kapalit ng magulang o legal na tagapag-alaga sa pangangalaga ng mga karapatan ng bata sa proseso ng paggawa ng desisyon.

# Mga Pagkilala


Binuo ng Workgroup ng mga Alituntunin ng Pamilya, isang komite ng State Interagency Coordinating Council (Mga Konseho sa Pag-uugnay ng Interagency ng Estado, SICC) ang booklet na ito.

Layunin nitong tulungan ang mga magulang ng mga sanggol at batang may kapansanan na maunawaan ang mga serbisyo ng maagang interbensyon sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA).

Maraming salamat sa mga miyembro ng komite para sa mga oras na ginugol sa pagbuo ng gabay na ito:

**Donna White, Tagapangulo**
Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan), Kalusugan ng Ina at Anak

**Catherine Davis**
Us–Qwed–Eeth, Puyallup Tribe
Proyekto na Birth to Six (Mula sa Kapanganakan hanggang Anim na Taon)

**Heather Hebdon**
Proyektong Specialized Training of Military Parents (Espesyal na Pagsasanay ng mga Magulang ng Militar, STOMP)

**Kathy Hormann**
Sentro ng Pag-unlad ng Bata, Sumner

**Cassie Johnston**
Washington PAVE,
Coordinator ng Pakikilahok ng Magulang

**Lynne Leeper**
Washington PAVE, Proyektong Pagsasanay ng Magulang

**Melanie Stafford**
Us–Qwed–Eeth, Puyallup Tribong Puyallup
Proyekto na Birth to Six

**Kathy Blodgett, Kawani**
Department of Social and Health Services (Kagawaran ng mga Serbisong Panlipunan at Pangkalusugan), dating Programang Maagang Interbensyon para Sanggol at Bata ng Estado ng Washington

**Barbie Faubion, Kawani**
Department of Social and Health Services (Kagawaran ng mga Serbisong Panlipunan at Pangkalusugan), dating Programang Maagang Interbensyon para Sanggol at Bata ng Estado ng Washington


---

Salamat sa iba pang magulang at propesyonal na nagbahagi ng kanilang mga ideya kabilang sina:

**Rita Dickey, Linda Gil, Terri Larson, Kathy Lollar, Julie Martino, Kathie Moudy, Joni Strong, Diana Sandoval at Debbie Yanak.**

Espesyal na pasasalamat sa mga estado ng Maryland at Pennsylvania na nagsilbing mga modelo ang mga booklet para sa gabay ng Washington.





*Hindi nagdidiskrimina ang DCYF at nagbibigay ng pantay na access sa mga programa at serbisyo nito para sa lahat ng tao kahit anong lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, katayuan sa pag-aasawa, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, edad, katayuan ng beterano, o pagkakaroon ng anumang pisikal, pandama at pangkaisipan na kapansanan.*

*Kung nais mong magkaroon ng libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Pakikipag-ugnayan sa Sangay ng DCYF) sa 1-800-723-4831 o mag-email sa **communications@dcyf.wa.gov**.*


DCYF PUBLICATION FS_0002 | DEL 11-005 TA (07-2023) Tagalog